## SO WHAT

- Sa palagay mo, nakapagpatuloy pa ba si Mateo na maningil ng buwis matapos niyang tugunan ang tawag ni Jesus? Palagay mo ba'y kaya pa niyang sumama sa mga dati niyang kaibigan at gawin pa rin ang mga dati niyang ginagawa?
- Bakit natin kailangang makiugnay sa mga taong ligaw sa mundo at ibahagi ang mensahe ng kaligtasan sa kanila?
- Sa palagay mo, kaya mo bang magpakita ng ganitong pagmamahal na may pagkahabag sa mga taong ligaw sa mundo?

## NOW WHAT

- Sa ating pag-aaral sa kung paano nakiugnay si Jesus at paano Niya inabot ang mga ligaw na tao sa mundo, ano ang mga natatanging paraan upang maabot ang mga taong ligaw sa mundo at dalhin sila sa isang ugnayan sa Diyos?
- Anu-ano ang mga karaniwan na rason at pagdadahilan na sinasabi ng mga taong ligaw na pumipigil sa kanilang ipagkatiwala ang kanilang mga buhay sa Diyos? Papaano natin masasagot ang kanilang mga katanungan at ihatid sila na magdesisiyon na sumunod kay Kristo?
- Mayroon bang espirituwal na katotohanan sa talatang ito na natatanging mahalaga sa iyo? Isulat mo kung bakit ito mahalaga.

# PRAYER

- Manalangin at hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pagkahabag sa mga naliligaw na kailangang makarinig ng ebanghelyo.
- Isulat ang mga iilang pangalan ng tao na pinaplano mong bahagian ng Magandang Balita at ipagdasal ang kanilang mga puso na maging bukas upang tumugon sa ebanghelyo (Mga Gawa 16:14).
- Humiling sa Banal na Espiritu na magbukas ng mga pagkakataon para sa iyo na makapagbahagi ng Salita ng Diyos sa mga taong gusto Niyang tulungan mo.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 FILIPINO

# Magbahagi

HOTSPOT

## NOTES

# CONNECT

- Anong isang pag-aari mo na iyong gantimpala na ibinigay sa iyo bilang isang regalo?
- Anong isang bagay na ibinigay mo o ipinamahagi kailan lang sa mga nangangailangang tao?
- Magbanggit na isang tao na kilala mo na maawain at mabait na nais mong tularan? Bakit mo siya tinitingala?

**WORD**

*"Umalis na kayo at pag-isipan n'yo kung ano ang kahulugan ng sinasabing ito ng Kasulatan: 'Hindi ang handog n'yo ang hinahangad ko kundi ang maging maawain kayo.' Sapagkat naparito ako hindi upang tawagin ang mga taong matuwid sa kanilang sariling paningin, kundi ang mga makasalanan."* MATEO 9:13

(BASAHIN DIN ANG MATEO 9:9-12.)

**WHAT**

Ang pagpapakita ni Jesus ng pagkahabag, grasya, at pagmamahal sa mga nangangailangan sa Kanya ay sinalungat ang mga nakasanayan sa lipunan. Ang resulta nito ay nahikayat si Mateo na abutin ang kapwa niya tagapagturo ng buwis at mga kaibigan na tinatawag na 'makasalanan' ng mga tagapagturo ng batas. Ang tatlong puntos na ito ay sinasabihan tayo kung papaano dapat magbahagi at abutin ang kapwa tulad ng ginawa ni Kristo.

## 1 Tanawin ang kapwa nang may pagkahabag.

*Nang makita ni Jesus ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila, dahil napakarami ng mga problema nila at wala silang mahingan ng tulong. Para silang mga tupang walang pastol.* MATEO 9:36

Si Mateo bilang isang tagasingil ng buwis ay itinuturing na mababang tao ng lipunan. Ngunit ang pagtingin sa kanya ni Jesus ay isang taong nangangailangan ng nakakaligtas na grasya ng Diyos at pagkahabag kaya't niabot siya ni Jesus at kumain pa kasama ang kanyang mga kaibigan na tinatawag na mga makasalanan. Bakit mayroong pagkahabag si Jesus sa mga tinatawag na 'patapon' ng lipunan (Mateo 9:12,13)? Papaano nito dapat naaapektuhan ang ating pagtanaw sa mga tao at ang ating pag-abot sa kanila?

## 2 Maglaan ng panahon na kaibiganin sila.

*[8]"Kapag dumating kayo sa isang bayan at tinanggap kayo ng mga tao, kainin ninyo ang anumang ihain nila sa inyo. [9]Pagalingin ninyo ang mga may sakit doon, at sabihin ninyo sa kanila na malapit na ang paghahari ng Diyos sa kanila."* LUCAS 10:8,9

Gumawa ng matatag na pahayag ng pagkakaibigan, grasya, at pagpapatawad si Jesus nang kumain Siya kasama ang mga tagasingil ng buwis at mga 'makasalanan.' Ang pagkain kasama ang mga makasalanan ay ang pagtanggap sa kanila bilang sila. Sa pananaw ng mga Pariseo, nangangahulugan ito ng pagiging makasalanan mo mismo sa hindi mo pagbatikos sa mga makasalanan at sa kanilang kasalanan. Pansinin kung papaano inabot ni Jesus ang mga tagasingil ng buwis at mga 'makasalanan' (Mateo 9:10,11; 11:19). Papaano nito nababago ang paraan mo ng pagkakaibigan?

## 3 Ibahagi ang ebanghelyo at hikayatin silang sundin si Kristo.

*"Hindi ako naparito upang tawagin ang mga taong matuwid sa sarili nilang paningin, kundi ang mga makasalanan upang magsisi sila sa kanilang mga kasalanan."* LUCAS 5:32

Ang pinakaimportanteng misyon ni Jesus ay ang pagalingin ang mga buhay na sinira ng kasalanan (Mateo 9:12). Upang makipag-ayos sa Diyos, dapat gawin ng mga tao ang dalawang bagay: magsisi at manalig sa Diyos or sa ibang salita'y tumalikod sa kasalanan at sumunod kay Jesus (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21; Lucas 13:5). Dapat na magkaroon ng pagbabago ng direksiyon at pagbabago ng pamunuan. Ibahagi kung paano mo unang pinagpasyahan na sundin ang Diyos.